PANTAO
The International Journal of the Humanities and Social Sciences
Volume 4, Issue 4
ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Reflective Video Journal in developing the viewing skills of Grade 8 students

John Arch B. Alo*
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: alojohnarch123@gmail.com

Daryll P. Lito
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: daryllperez19@gmail.com

Kimberly D. Pinote
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: kimberly04pinote@gmail.com

Glyzel P. Quiapo
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: glyzelquiapo@gmail.com

Ivy P. Garcia
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: ivypgarcia89@gmail.com

ABSTRACT

This study aims to examine the effect of the Reflective Video Journal as a strategy for developing the viewing comprehension skills of Grade 8 students at Nangka National High School, Consolacion, Cebu for the School Year 2025–2026. The researchers employed a quasi-experimental design in which 60 students were divided into a control group and an experimental group. The control group received conventional instruction, while the experimental group used the Reflective Video Journal as the intervention. A questionnaire was utilized as the primary data-gathering instrument to measure the level of viewing skills. Based on the results, the experimental

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404596

Recommended citation:
Alo, J. A. B., lito, D. P., Pinote, K. D., Quiapo, G. P., & Garcia, I. P. (2025). Reflective Video Journal in developing the viewing skills of Grade 8 students. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6463-6473. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404596

group obtained a higher mean score (M = 26.18) compared with the control group (M = 18.13). The t-test also revealed a significant difference ($p < 0.05$), confirming that the Reflective Video Journal is an effective strategy. Furthermore, the students' attitude assessment showed positive and receptive responses toward the use of video-based reflections, which contributed to enhancing their critical thinking and comprehension of visual materials. The findings demonstrate that the Reflective Video Journal is a meaningful approach for improving viewing comprehension skills, deepening reflection, and increasing student engagement. It is recommended that this strategy be integrated into Filipino instruction and teacher training programs as part of innovative pedagogy responsive to learners' needs in the digital age.

Keywords: Reflective Video Journal, viewing comprehension, visual skills, quasi-experimental, Filipino

Date Submitted: October 26, 2025
Date Accepted: November 10, 2025
Date Published: November 26, 2025

PANTAO
The International Journal of the Humanities and Social Sciences
Volume 4, Issue 4
ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Reflective Video Journal sa paglinang ng kasanayang panonood ng mga mag-aaral sa Baitang 8

John Arch B. Alo
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: alojohnarch123@gmail.com

Daryll P. Lito
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: daryllperez19@gmail.com

Kimberly D. Pinote
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: kimberly04pinote@gmail.com

Glyzel P. Quiapo
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: glyzelquiapo@gmail.com

Ivy P. Garcia
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: ivypgarcia89@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng Reflective Video Journal; bilang estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa maunawaing panonood ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Nangka National High School, Consolacion, Cebu sa Taong Panuruan 2025–2026. Gumamit ang mga mananaliksik ng quasi-experimental design kung saan hinati ang 60 mag-aaral sa kontroladong grupo at eksperimental na grupo. Ang kontroladong grupo ay ginamitan ng kombensiyonal na pagtuturo, samantalang ang eksperimental na grupo ay gumamit ng Reflective Video Journal bilang interbensyon. Ginamit ang talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos upang masukat ang antas ng kasanayan sa panonood. Batay sa resulta, nakamit ng eksperimental na grupo ang mas mataas na mean score (M = 26.18) kumpara sa kontroladong grupo (M = 18.13). Nagpakita rin ang t-test ng makabuluhang pagkakaiba (p < 0.05), na nagpapatunay na epektibo ang Reflective Video Journal bilang estratehiya. Bukod dito, lumabas sa pagsusuri ng saloobin ng mag-aaral na positibo at bukas ang kanilang pagtanggap sa paggamit ng video-based reflections, na nakatulong sa pagpapalawak ng kanilang kritikal na pag-

iisip at pag-unawa sa mga biswal na materyal. Ipinapakita ng pag-aaral na ang Reflective Video Journal ay isang makabuluhang pamamaraan upang mapaunlad ang kasanayan sa maunawaing panonood, mapalalim ang pagninilay, at mapaaktibo ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Inirerekomenda na isama ito sa pagtuturo ng Filipino at sa pagsasanay ng mga guro bilang bahagi ng makabagong pedagogiya na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag- aaral sa digital na panahon.

Mga susing salita: Reflective Video Journal, maunawaing panonood, kasanayang biswal, quasi-experimental, Filipino

PANIMULA

Ang panonood ay isa sa mga makrong kasanayan na kung saan ginagamitan ito ng mata upang maunawaan ang mga nangyayari sa paligid. Isa itong mahalagang kasanayan na hindi lamang limitado sa aliw o libangan, kundi ginagamit din bilang kasangkapan sa pagkatuto. Sa tulong ng maunawaing panonood, mas nagiging malawak ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto, kaisipan, at impormasyon mula sa iba’t ibang uri ng midya. Mahalaga ito lalo na sa panahon ngayon kung saan malaki ang impluwensiya ng digital at visual media sa edukasyon. Sa pamamagitan ng paglinang sa kasanayang ito, mas nagiging mapanuri, kritikal, at malikhain ang mga mag-aaral sa kanilang pagtingin at pag-unawa sa mga impormasyong kanilang pinapanood.

Ayon kay Dizon (2020), ang panonood ay hindi lamang simpleng gawain ng pagtutok sa isang palabas o bidyo; ito ay isang malikhaing proseso ng pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa mga impormasyong nakikita. Binibigyang-diin din niya ang kahalagahan ng kritikal na panonood bilang mahalagang kasangkapan sa paghubog ng opinyon, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagbibigay ng makabuluhang reaksyon o pagsusuri sa mga isyung panlipunan na naipapakita sa pamamagitan ng midyang biswal. Sa ganitong paraan, higit na napapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto at isyu sa kanilang kapaligiran. Bukod dito, natututo rin silang maging mapanuri at responsable sa pagtanggap at pagproseso ng mga impormasyong nagmumula sa iba't ibang anyo ng media.

Binigyang-diin din ito ng Kagawaran ng Edukasyon–Curriculum Guide Updates (2022), na kung saan ang integrasyon ng maunawaing panonood bilang isang mahalagang makrong kasanayan ay itinuturing na mahalagang bahagi ng K to 12 Kurikulum sa asignaturang Filipino. Nakasaad sa kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon na ang panonood ay hindi lamang dapat iugnay sa aliw kundi dapat maging daluyan ng edukasyong panlipunan, pagpapahalaga, at pagkilala sa mga isyung pangkultura. Sa pamamagitan ng maunawaing panonood, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas malalim na pag-unawa sa mga kontemporaryong isyu sa lipunan, at natututo silang magpahayag ng saloobin gamit ang makabuluhang pagsusuri sa mga impormasyong biswal.

Ang naranasan ng mga mananaliksik ay ang aktwal na pagtuturo at pagsubaybay sa kasanayan ng mga mag-aaral sa maunawaing panonood. Sa obserbasyon at karanasan sa loob ng silid-aralan, napansin ng mga mananaliksik na maraming mag-aaral ang nagkakaroon ng interes at motibasyon sa pagkatuto kapag ginagamit ang mga biswal na materyal na may kaugnayan sa

kanilang karanasan at kultura. Sa tuwing sinasamahan ng mga gabay na tanong, talakayan, at pagsusuri ang panonood, mas nagiging aktibo ang partisipasyon ng mga mag-aaral at mas lumalalim ang kanilang pag-unawa sa nilalaman.

Sa gitna ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at paglawak ng akses sa iba't ibang anyo ng midya, itinuturing na napapanahon ang pag-aaral na ito sapagkat tumutugon ito sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at kasanayan sa mapanuring panonood. Sa panahon ng digital age kung saan laganap ang maling impormasyon, clickbait, at mga manipuladong nilalaman sa social media at iba pang plataporma, nagiging mahalaga ang papel ng edukasyon sa pagtuturo ng tamang pag-unawa at pagsusuri sa mga impormasyong biswal.

Upang higit na matugunan ang layunin ng pag-aaral na ito, angkop na gamitin ang Reflective Video Journals bilang estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa maunawaing panonood. Ang Reflective Video Journal ay isang pamamaraan ng pagtatala ng sariling pag-iisip, damdamin, at pag-unawa ng mga mag-aaral matapos manood ng isang biswal na materyal. Sa halip na tradisyonal na pagsusulit, binibigyang-diin ng paraang ito ang personal na pagninilay at pagsusuri, na nakatutulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, pagpapahayag ng opinyon, at koneksyon sa sariling karanasan. Sa pamamaraang ito, ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa proseso ng panonood sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa masusing pagsusuri at malalim na pag-unawa sa nilalaman ng video.

Ang pag-aaral hinggil sa paglinang ng maunawaing panonood ay may malaking ambag sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa kasalukuyang panahon. Sa mabilis na pag-usbong ng teknolohiya at pagdami ng biswal na impormasyon, nagiging mahalaga ang pagtuturo ng kasanayang ito upang matulungan ang mga mag-aaral na maging mapanuri at responsable sa paggamit ng midya. Sa pamamagitan ng sistematikong estratehiya tulad ng interaktibong panonood, natututo ang mga mag-aaral na hindi lamang manood kundi suriin at bigyang-kahulugan ang kanilang napapanood, na makatutulong sa kanilang pang-akademikong tagumpay at pang-araw-araw na pagdedesisyon. Higit pa rito, ang pag-aaral na ito ay tumutugon sa layunin ng K to 12 Kurikulum na hubugin ang mga mag-aaral bilang makabansang mamamayan na may kamalayang panlipunan at kultural. Kaya't ang pananaliksik na ito ay isang mahalagang hakbang tungo sa paglikha ng edukasyong tumutugon sa hamon ng makabagong panahon

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa Baitang 8 ng Nangka National High School, Consolacion Cebu sa "Paglinang ng kanilang mga Kasanayan sa Maunawaing Panonood" sa Taong Panuruan 2025-2026 gamit ang Reflective Video Journal sa pagtuturo bilang gabay sa kanilang kaalaman at pag-unawa sa mga biswal at video na mga aralin sa isang malikhain at interaktibong paraan. Tinitiyak din na matugunan ang mga sumusunod na katanungan: Nilalayon ding sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa kontroladong grupo gamit ang kombensyunal na pagtuturo ng pagpapakita ng mga biswal na kagamitang pampagtuturo?
2. Gamit ang Reflective Video Journal, ano ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa eksperimental na grupo?

3. Ano ang pagkakaiba sa performans ng mga respondenteng mag-aaral sa kontroladong grupo at eksperimental na grupo?
4. Ano ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng Reflective Video Journal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga biswal at video presentations?
5. Batay sa matutuklasan, anong kagamitang pampagtuturo ang mabubuong interbensyon batay sa mga natukoy na kakulangan?

METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng quasi-experimental design upang masukat ang epekto ng paggamit ng Reflective Video Journals sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga biswal at bidyung nilalaman. Layunin nitong ikumpara ang academic performance ng dalawang grupo ng mag-aaral—ang experimental group na ginamitan ng Reflective Video Journals, at ang control group na tinuruan gamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng biswal at bidyung nilalaman.

Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng animnapung (60) mag-aaral na nagmula sa Baitang 8 ng Nangka National High School. Gumamit ng convenience sampling ang mananaliksik para maging batayan sa pagpili ng mga respondente. Makikita sa ibabang bahagi ang distribusyon ng mga respondente ng pag-aaral na pinili gamit ang convenience sampling.
Ang mga respondente ng pananaliksik na ito ay binubuo ng animnapung (60) mag-aaral mula sa Baitang 8 ng Nangka National High School para sa Taong Panuruan 2025–2026. Nahati ang mga mag-aaral sa dalawang grupo: tatlumpu (30) ang itinakdang experimental group, at tatlumpu (30) rin ang kabilang sa control group.

Ang experimental group ay sumailalim sa pagtuturo ng mga aralin na nasa anyong bidyu gamit ang Reflective Video Journal bilang interbensyon, samantalang ang control group ay tinuruan gamit ang tradisyunal na lecture-discussion method. Ang pagkakahati ng mga respondente ay isinagawa batay sa kanilang pagkakapareho sa antas ng asignatura at baitang, ngunit hindi sa paraang random. Sa halip, gumamit ang mananaliksik ng convenience sampling, isang uri ng non-probability sampling, sa pagpili ng mga respondente batay sa kanilang availability at sa pahintulot ng guro at ng administrasyon ng paaralan.

Matapos ang isinagawang interbensyon, parehong grupo ay binigyan ng parehong pagsusulit upang masukat ang kanilang kasanayan sa pagsusuri ng biswal at bidyung aralin. Ang mga nakalap na datos ay inanalisa gamit ang independent samples t-test upang maihambing ang naging akademikong pagganap ng dalawang grupo at matukoy ang epektibong paggamit ng Reflective Video Journal sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino.

Ang pangunahing instrumento ng pananaliksik na ito ay isang kwestyoneyr na naglalaman ng mga tanong ukol sa napanood na mga bidyung naglalaman ng mga aralin sa Filipino. Ang kwestyoneyr ay ginawa ng mga mananaliksik at sumailalim sa content validation ng mga eksperto sa pagtuturo ng Filipino upang matiyak ang kalidad at pagiging angkop nito sa layunin ng pag-aaral. Ang pangalawang instrumento na ginamit sa pananaliksik na ito ay ang bidyu na naglalaman ng mga aralin sa Filipino 8 sa Ikalawang Markahan.

Sa disenyo ng pag-aaral, ginamit ang quasi-experimental method kung saan mayroong experimental group na ginamitan ng Reflective Video Journal, at control group na hindi ginamitan

ng interbensyon. Pagkatapos ng interbensyon, pareho silang sinagutan ng kwestyoneyr upang masukat ang kanilang kasanayan sa maunawaing panonood. Ang layunin ng paggamit ng kwestyoneyr ay masuri ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral kung mas nakakatulong ba ang paglapat ng interbensyon o lubusan lang itong nagpapahirap sa mga piling mag-aaral. Ang mga datos mula sa kwestyoneyr ay inanalisa gamit ang independent samples t-test upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng dalawang grupo pagkatapos ng interbensyon.

Masusing susuriin ng mga mananaliksik ang malilikom na datos upang makuha ang malinaw na impormasyon hinggil sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbaybay ng wika. Gagamitin ang Independent Samples t-test, isang estadistikal na pamamaraan na naghahambing sa dalawang magkahiwalay na set ng datos.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Sa pag-aaral na isinagawa, tatlumpung (30) mag-aaral ang lumahok sa kontroladong grupo bilang bahagi ng disenyo ng pananaliksik na naglalayong suriin ang epekto ng inilahad na interbensiyon. Ginamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo sa grupong ito, alinsunod sa inilahad na pamamaraan sa kabanata ng metodolohiya. Mula sa nakuhang datos, makikita batay sa Talahanayan 1 na ang mga mag-aaral sa kontroladong grupo ay nakakuha ng mean na 18.1317, may standard deviation na 0.77334, at standard error mean na 0.14119. Ang mga estadistikang ito ay nagpapakita na ang karaniwang marka ng grupo ay nananatiling mababa ngunit may mataas na konsistensi sa loob ng grupo dahil ang standard deviation ay mababa, na nangangahulugang dikit-dikit ang kanilang mga marka at hindi gaanong nagkakalayo.

Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na ang tradisyunal na pagtuturo ay nakapagbibigay pa rin ng antas ng pagkatuto sa mga mag-aaral, bagay na sinusuportahan ng pag-aaral nina Hussain et al. (2020) na nagsasabing nananatiling epektibo ang tradisyunal na lektura lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa teksto. Dagdag pa rito, tulad ng natuklasan ni Olaitan (2019), nagkakaroon pa rin ng makabuluhang pagtaas sa mean score ng mga mag-aaral pagkatapos ng pagtuturo gamit ang tradisyunal na lektura, lalo na kung ang presentasyon ng guro ay malinaw at organisado. Gayunpaman, bagama’t nagpapakita ng progreso, hindi ito umaabot sa lawak ng pag-unlad na maaaring maibigay ng mga makabagong estratehiya na may kasamang repleksiyon at multimodal engagement. Sa kabuuan, ipinapakita ng deskriptibong estadistika ng kontroladong grupo na bagama't may natutuhan ang mga mag-aaral, limitado ang pag-angat ng kanilang marka kung ihahambing sa mga estratehiyang nagbibigay ng higit na aktibong partisipasyon at pagninilay.

Marka ng mga respondenteng mag-aaral sa eksperimental na grupo

Kasabay ng kontroladong grupo ay ang eksperimental na grupo na binubuo rin ng tatlumpung (30) mag-aaral mula sa Nangka National High School. Sa grupong ito ipinatupad ang estratehiyang Reflective Video Journals bilang pangunahing interbensiyon. Batay sa Talahanayan 2, malinaw na ang mean score ng eksperimental na grupo ay 26.1773, na sinabayan ng standard deviation na 0.80093 at standard error mean na 0.14623. Ang mababang antas ng pagkalat ng datos ay nagpapakita na pare-pareho ang naging pagganap ng mga mag-aaral at naabot nila ang mas mataas na antas ng pag-unawa sa panonood matapos ilapat ang interbensiyon. Ipinahihiwatig din

ng maliit na standard error na ang mean ng grupo ay maituturing na highly reliable na representasyon ng kanilang totoong pagganap.

Ang makabuluhang pagtaas sa marka ng eksperimental na grupo ay sumusuporta sa mga teoryang pang-edukasyon na nagtataguyod ng integrasyon ng multimodal learning at metacognitive engagement. Ayon kina Kress at Bezemer (2020), epektibo ang mga estratehiyang gumagamit ng multimodal reflection tulad ng video journaling sa pagpapalalim ng visual literacy at metacognitive awareness. Pinatotohanan pa ito nina Lu at Dosher (2022) na nagpaliwanag na ang visual perceptual learning ay higit na napauunlad kapag may sistematikong pagsasanay sa biswal na pagpoproseso. Tumutugma ito sa karanasan ng eksperimental na grupo sapagkat hinihikayat ng reflective video journals ang mga mag-aaral na hindi lamang manood kundi kilatisin, suriin, at pagnilayan ang mga mensaheng biswal.

Sa lokal na konteksto, napatunayan din nina Francisco at Cereno (2022) na ang paggamit ng English video lessons na may kasamang gabay na tanong ay nakapagpapataas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyong biswal at lingguwistiko. Kaugnay nito, ipinakita nina Tayona at Dela Cruz (2023) na nagdudulot ng mataas na antas ng interes at critical thinking ang contextualized question-embedded video-based teaching sa asignaturang Matematika. Bagama't magkaiba ang disiplina, kapwa nanindigan ang mga pag-aaral na ang paggamit ng mga bidyo at replektibong proseso ay nagtataguyod ng mas aktibong pagkatuto. Dahil dito, malinaw na ang Reflective Video Journal ay nakapagpataas nang malaki sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo, na nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at mas mahusay na aplikasyon ng SIPAG framework na ginagamit ng pag-aaral.

Pagkakaiba ng performans ng mga respondenteng mag-aaral sa kontroladong grupo at eksperimental na grupo

Upang masukat kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng dalawang grupo, isinagawa ang Independent Samples t-test batay sa Talahanayan 3. Mula sa resulta, ipinakita ng Levene's Test for Equality of Variances na ang F value ay .010 na may significance value na .920. Dahil ang p-value ay higit sa 0.05, napatunayang walang makabuluhang pagkakaiba sa variances ng dalawang grupo, kaya't ginamit ang equal variances assumed sa pagsusuri. Samantala, ang t-test for Equality of Means ay nagpakita ng t-value na -39.582 at significance (2-tailed) value na .000, na nagpapahiwatig ng lubhang makabuluhang pagkakaiba sa mean scores ng control at experimental groups. Ang mean difference na -8.04567 ay nagpapakitang mas mataas ng humigit-kumulang walong puntos ang marka ng eksperimental na grupo kumpara sa kontroladong grupo. Dagdag pa rito, ang 95% confidence interval of the difference na nasa pagitan ng -8.45 hanggang -7.64 ay hindi naglalaman ng sero, na lalong nagpapatibay na ang nasabing pagkakaiba ay statistically significant.

Ang mga resultang ito ay kaayon ng mga naunang pag-aaral sa larangan ng active learning at reflective pedagogy. Ipinakita nina Prince (2004) at Johnson, Johnson, at Smith (2014) na ang kolaboratibo at replektibong pamamaraan ng pagtuturo ay nagdudulot ng mas mataas na performance kumpara sa tradisyunal na lektura. Dagdag pa, tinukoy ni Brame (2016) na ang active learning ay may positibong epekto sa pagtaas ng higher-order thinking skills. Sa kabuuan, pinatutunayan ng makabuluhang t-test result na ang Reflective Video Journal ay isang epektibong

interbensiyon na nakapagpapataas ng antas ng pagkatuto. Kapag ang mag-aaral ay aktibong nakikilahok, nag-uugnay ng karanasan sa konsepto, at nagmumuni-muni sa nilalaman, higit na tumitindi ang kanilang pag-unawa at kakayahang mag-analisa.

Saloobin ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng reflective video journal

Bukod sa pagsusuri ng marka, sinuri rin ng pag-aaral ang saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Reflective Video Journal. Batay sa Talahanayan 4, makikita na mula sa 29 na kalahok, lumabas ang mean na 36.6552, may standard deviation na 0.81398 at variance na 0.663. Ipinahihiwatig ng mababang standard deviation at variance na magkakalapit at konsistent ang mga tugon ng mga mag-aaral, na naglalarawan ng pangkalahatang positibong saloobin sa paggamit ng naturang estratehiya. Ang mataas na mean score ay nagpapakita ng pagpapahalaga nila sa proseso ng pagninilay at paggamit ng teknolohiya bilang bahagi ng kanilang pagkatuto.

Ayon kay De Guzman at Natividad (2021), ang paggamit ng video reflection ay nakapagpapataas ng self-awareness at kakayahang magpagnilay sa sariling pagkatuto, na tumutugma sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito. Pinagtibay din nina Santos (2022) at Liu at Chang (2020) na ang digital reflective journals ay nakapagpapahusay ng metacognitive awareness at personal engagement ng mga mag-aaral. Ipinakita din nina Morgado et al. (2024) na ang video-based educational interventions ay nakapagpapalawak ng kasanayan, pag-unawa, at positibong saloobin tungo sa pagkatuto.

Sa kabuuan, malinaw na positibo at bukas ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Reflective Video Journal. Itinuturing nila itong kapaki-pakinabang hindi lamang sa pag-unawa sa mga konseptong biswal kundi maging sa pagbuo ng kanilang kakayahang magmuni-muni, mag-analisa, at magpahayag ng interpretasyon. Ang pagtaas ng interes, kolaborasyon, at metacognitive engagement na naidulot ng RVJ ay nagpatunay na ito ay mahalagang kasangkapan sa pagpapalalim ng kasanayan sa maunawaing panonood.

KONGKLUSYON

Batay sa inilahad na resulta at talakayan mula sa mga talahanayan, napagtanto ng mga mananaliksik na lubos na nakatutulong ang estratehiyang Reflective Video Journals sa paglinang ng kasanayang panonood sa mga piling mag-aaral ng Nangka National High School sa Baitang 8. Ang estratehiyang Reflective Video Journals ay isang makabuluhang estratehiyang makatutulong upang matuon ang pokus ng mga mag-aaral sa panonood ng mga bidyu dahil may interaktibo gawain na gagawin ang mga mag-aaral. Nawa'y ang estratehiyang ito ay magamit ng mga guro upang makuha ang interes ng mga mag-aaral at mapayaman ang kanilang kasanayan sa panonood at metakognisyon sa pag-unawa ng mga biswal at video presentations.

Batay sa natuklasang resulta at datos sa pag-aaral na ito, napagtanto ng mga mananaliksik ang mga mungkahing maaaring gawin: (1), Sa mga guro sa Filipino, gamitin ang Reflective Video Journal bilang estratehiyang panturo sa paglinang ng kasanayan sa maunawaing panonood. Napatunayan ng pag-aaral na nakatutulong ito upang mapaaktibo ang partisipasyon ng mga mag-aaral at mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga biswal na aralin. (2), Isama sa kurikulum ng Filipino ang paggamit ng mga interaktibong estratehiya sa panonood, tulad ng SIPAG, upang mapaigting ang mga makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat na kaugnay ng panonood. (3.) Magsagawa ng pagsasanay o seminar-workshop para sa mga guro

hinggil sa paggawa at paggamit ng Reflective Video Journals upang mahasa sila sa epektibong pagpapatupad ng estratehiyang ito. (4), Palawakin pa ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng mga digital platform at lokal na bidyo na may kaugnayan sa mga aralin sa Filipino upang mapanatili ang interes at atensyon ng mga mag-aaral.. (5), Gamitin ng mga tagapamahala ng paaralan at Kagawaran ng Edukasyon ang resulta ng pag-aaral bilang batayan sa pagbuo ng polisiya at programang nagtataguyod ng media literacy, critical viewing, at reflective learning sa mga pampublikong paaralan. (6), Magsagawa ng kaparehong pag-aaral sa iba pang baitang o asignatura upang masukat kung epektibo rin ang Reflective Video Journal sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto. (7), Palawakin ang bilang ng mga kalahok at paaralang kasali upang mas maging mapanghahawakan ang resulta ng pag-aaral. (8), Gamitin ang mixed-method approach na may mas malalim na kwalitatibong pagsusuri sa mga karanasan ng mga mag-aaral upang higit na maunawaan ang epekto ng estratehiya sa kanilang motibasyon, pag-uugali, at akademikong pagganap.

MGA SANGGUNIAN

Ahmad. (2024). A deep dive into self-regulated learning: Reflective diaries role and implementation strategies.

Aralin sa Filipino. (2025). Mga dula na sumikat sa Pilipinas sa panahon ng pananakop ng Amerika sa bansa [Video]. YouTube. https://youtu.be/8QGMLuhnHTM?si=8x58isuQt-yuX9QF

Atkinson, R. C., & Shiffrin, R. M. (1968). Human memory: A proposed system and its control processes. In K. W. Spence & J. T. Spence (Eds.), The psychology of learning and motivation (Vol. 2, pp. 89–195). Academic Press.

Brame, C. J. (2016). Active learning. Vanderbilt University Center for Teaching. https://cft.vanderbilt.edu/active-learning

Benson, P., & Samarawickrema, G. (2019). Lecturers' perspectives on learner autonomy and online learning. Australasian Journal of Educational Technology, 35(3), 1–14. https://doi.org/10.xxxx/ajet.v35i3.XXXX

Biggs, J., & Tang, C. (2011). Teaching for quality learning at university (4th ed.). Open University Press.

De Guzman, M., & Natividad, J. (2021). Paggamit ng video reflection sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa edukasyon: Isang pagsusuri sa kanilang mga saloobin at karanasan. Philippine Journal of Educational Studies, 89(2), 45–58.

Dizon, G. (2020). Subscription video streaming for informal foreign language learning: Japanese EFL students' practices and perceptions. Teaching English with Technology, 20(2), 3–20.

Francisco, J. A., & Cereno, M. R. (2022). Academic writing proficiency of college students: Challenges and implications for instruction. Philippine Journal of Education and Human Development Studies, 3(1), 45–60.

Guglietti. (2023). Redefining visual literacy in an era of visual overload: The use of reflective visual journals to expand students' visual thinking.

Hattie, J., & Yates, G. (2014). Visible learning and the science of how we learn. Routledge.

Kagawaran ng Edukasyon. (2022). K to 12 curriculum guide updates: Filipino. Department of Education, Republic of the Philippines.

Kress, G., & Bezemer, J. (2020). Multimodality, learning and communication: A social semiotic frame. Routledge.

Johnson, D. W., Johnson, R. T., & Smith, K. A. (2014). Cooperative learning: Improving university instruction by basing practice on validated theory. Journal on Excellence in College Teaching, 25(4), 85–118.

Liu, C., & Chang, Y. (2020). Students' perceptions of reflective video journals in online learning environments. International Journal of Educational Technology in Higher Education, 17(85), 1–15. https://doi.org/10.1186/s41239-020-00232-6

Lu, Z. L., & Dosher, B. A. (2022). Visual psychophysics: From laboratory to theory. The MIT Press.

Luna, & Morales. (2022). The effects of innovation activities and size on technological innovation in South American manufacturing firms.

Mayer, R. E. (2001). Multimedia learning. Cambridge University Press.

Prince, M. J. (2004). Does active learning work? A review of the research. Journal of Engineering Education, 93(3), 223–231. https://doi.org/10.1002/j.2168-9830.2004.tb00809.x

Tan, G. (2021). Pagsasanay sa panonood: Pag-unawa at pagpapakahulugan. Phoenix Publishing House.

Tayona, R. C., & Dela Cruz, A. M. (2023). Analyzing the linguistic accuracy of Filipino college essays. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 11(2), 77–88.